

**Pagsusuring-Aklat: Schumacher S.J., John N.**  
*The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century of Filipino Nationalism.* Ateneo de  
Manila University Press, 1991.

**The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism ni Fr. John Schumacher, SJ: Isang Pagsusuri**

**Charles Darwin F. TALAVERA**

Philippine State College of Aeronautics

charlestalavera19@gmail.com/cftalavera@up.edu.ph

https://orcid.org/[0009-0008-3791-7839](https://orcid.org/0009-0008-3791-7839)

**ABSTRAK**

*Ang ika-19 na siglo ang isa sa naging pinakamahalagang bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas nang sunod-sunod na lumaya ang mga kolonya ng España sa Gitna at Timog Amerika. Dahil dito, nagkaroon ng direktang pamumuno ang pamahalaang kolonyal at nagkaroon ng mga pagbabago sa larangan ng panlipunan, pang-ekonomiya, panrelihiyon, at pampulitika. Pagkakataon din ito upang itaguyod ang malayang pamamahayag at pagsusulong ng reporma sa Simbahan at Pamahalaan na naging mitsa ng kilusang Sekularisasyon tungo sa mga salik ng nasyunalismo: ang pagsibol ng mga ilustrados, Kilusang Propaganda, ang Himagsikang Pilipino, hanggang sa umabot sa Digmaang Pilipino-Amerikano. Ang lahat ng mga ito ay matutunghayan sa aklat na *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism* ni Fr. John Schumacher, SJ, binubuo ng mga kabanata at sanaysay na kung paano ipinaliwanag ang pag-unlad ng kaisipan ng mga Pilipino na nakabatay sa lente na kolonyal tungo sa nasyonalismong historiograpiya. Ang pagkakaroon ng mabusisi at malalim na pang-unawa sa kasaysayan sa pamamagitan ng pananaliksik at pagbibigay interpretasyon sa mga pangyayari, kaganapan, at pagsusuri ng mga kasulatan sa sinuap bilang batayang pag-aaral sa paggising ng kamalayan ng mga Pilipino.*

**Mga susing salita:** *Sekularisasyon, nasyonalismo, himagsikan, kalayaan, at historiograpiya*

## PANIMULA



ng aklat na ito ay pinamagatang *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism* ni Fr. John Schumacher, SJ, na inilimbag noong 1991 sa Pamantasan ng Ateneo de Manila, Lungsod ng Quezon.

Isinilang si Fr. John Schumacher sa Buffalo, New York, Estados Unidos noong 1927. Nagtungo sa Pilipinas bilang isang seminarista ng *Society of Jesus* o mga Heswita matapos ang digmaan. Naging pari noong 1957 at kalaunan ay nagsilbing mananaliksik sa mga sinupan sa Barcelona, Salamanca, at Madrid. Tumanggap ng pagkamamamayan bilang Pilipino noong 1977. Naging guro sa Seminaryo ng San Jose, Loyola School of Theology sa Pamantasan ng Ateneo de Manila at namatay noong 2014 sa edad na 87 dahil sa komplikasyon sa kanyang kalusugan dulot ng *anemia at urinary infection*. Sa kabila ng pagiging banyaga at alagad ng Simbahan, nagpamalas ng iskolarsyip si Fr. Schumacher ng isang maka-Pilipinong pananaw sa pagsulat ng kasaysayan. Sa pamamagitan nito, pinag-ugnay ang Katolisismo hanggang pagsibol ng nasyunalismo upang magkaroon ng reporma na sa lipunan tungo sa pagnanais ng ating bansa na lumaya sa kamay ng mga Español sa humigit kumulang 300 taon.

Naging tuon ng kanyang pag-aaral ang pananaliksik sa kasaysayan ng Simbahang Katoliko sa Pilipinas sa pagdating ng mga Espanol, pagsibol ng nasyonalismong Pilipino sa panahon ng ika-19 na siglo kaya naman nakapaglikha siya ng mga aklat katulad ng *The Propaganda Movement, 1880-1895: The Creation of a Filipino Consciousness, the Making of the Revolution, Revolutionary Clergy: the Filipino Clergy and the Nationalist Movement, 1850-1903*.<sup>1</sup>

Mula sa lente ng historiograpiyang kolonyal patungo sa pananaw na nasyunalismo, tinalakay ang aklat na *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism* binubuo ito ng mga sanaysay at kabanata na tumatalakay sa paggising ng nasyonalismo sa Pilipinas sa loob ng ika-19 na siglo.<sup>2</sup>

<sup>1</sup> William M. Abbott SJ, "Demise of F. John N Schumacher," Ateneo De Manila University, last modified May 15, 2014. <http://ateneo.edu/news/demise-fr-john-n-schumacher-sj>.

<sup>2</sup> John N. Schumacher, *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century of Filipino Nationalism*. (Quezon City: Ateneo De Manila University, 1991).

Sa pag-aaral ng kasaysayan, hindi kaagad pinakilala ni Schumacher ang pangyayari sa nasyonalismong Pilipino, bagkus ang pagkakaroon ng tungkulin ng isang iskolar upang maunawaan ang nakaraan. Ito ang gampanin ng mga *historyador* bilang tagapag-ugnay sa mga naganap. Nagsiyasat muna siya kung anong suliranin ang kailangan nilang sagutin upang maunawaan ang malalim na pagkilala sa nakaraan. Kinakailangan na ang suliranin sa pag-aaral ay may tiyak na kasagutan sa pamamagitan ng pagtatakda ng pamantayan sa pagsagot sa larangan ng kasaysayan. Binigyan din niya ang halimbawa ng pag-aaral ni Rizal sa kasaysayan na may tatlong katangian - *pang-unarwa sa nakaraan, pagkilala sa pambansang pagkakakilanlan, at pagtingin sa hinaharap.*

Ang manunulat ay gumamit ng wastong paraan sa pagsulat ng sanggunian na naaayon sa hinihingi ng larangan ng kasaysayan. Malinaw sa panimula ng paksa ang layunin ng aklat - upang ipakilala ang salik sa pagsibol ng nasyonalismo sa bansa sa huling bahagi ng pananakop ng mga Español at tinignan din niya ang mga pangyayari sa lipunan upang bigyang katwiran ang kanyang argumento na mailalahad sa bawat sanaysay at kabanata na mga susunod na bahagi ng papel. Pagdating sa datos pangkasaysayan, gumamit ng mga primaryang at sekundaryang batis sa pagsusuri sa panlabas at panloob na kritisismo. Binigyang pansin din si Schumacher ang pananaliksik sa mga sinupan sa pag-aanalisa ng mga kasulatan na ginamit, dito lalabas ang kakayahan ng isang historyador kung paano niya titimbangin ang impormasyon at argumentong mabubuo na susuporta sa kanyang argumento.

Nagsilbing inspirasyon ni Schumacher ang katauhan ni Dr. Jose Rizal upang ipaliwanag ang naging pagtalakay niya sa Nasyunalismong Pilipino. Katulad na lamang ng paglalahad nito sa pagbisita ni Dr. Rizal sa *British Museum* sa Inglatera na natuklasan nito ang sipi ng *Successos de Las Islas Filipinas* na isinulat ni Antonio de Morga. Sa aklat na ito na maituturing na panguhaning kaalaman ukol sa paglalarawan sa pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino. Pinatutunayan na bago pa lamang dumating at manakop ang mga Español sa bansa ay may sarili na tayong binuong lipunan sa pamamagitan ng pamamahala, kalakalan, at kultura. Naging daan din ito sa pananaliksik ni William Henry Scott na pinamagatang *Cracks in a Parchment Curtain* na mas nagkaroon tayo ng kaalaman sa lipunang Pilipino bago pa man dumating ang mga Europeo. Sinundan naman ito ng panimulang siglo na tumutukoy sa ika-19 na siglo, na nagkaroon ng mga pag-aalsa mula sa iba't ibang panig ng bansa na patunay na nagkaroon na tayo ng nasyonalismo sa iba't ibang bahagi ng rehiyon na mula sa iba't ibang dahilan mula sa aspetong sosyo-kultural, pulitikal, ekonomikal maging sa relihiyon.

Sa aspeto ng **relihiyon**, sinimulan ito nang isulong ni Padre Pedro Pelaez ang sekularisasyon sa pamamahala ng parokya sa Simbahang Katolika na binibigyang pahintulot ang mga paring sekular na karamihan ay mga Pilipino na mamuno sa parokya katulad ng mga paring regular. Kalaunan, siya ay namayapa dahil sa lindol noong 1863 at ipinagpatuloy ang kanyang hangarin ng tatlong paring martir na sina Padre Mariano Gomez, Padre Jacinto Zamora, at Padre Jose Burgos na mas kilala bilang GomBurZa.<sup>3</sup> Nagbukas ang Pilipinas sa pandaigdigang kalakalan na kung saan lumago at nakilala ang mga produkto na mayroon ang bansa bilang pagpapakilala sa ating **ekonomiya**. Kasabay nito ang pagiging bukas nito sa komersyo at pagpasok ng mga makabagong ideya mula sa Europa. Natapos na rin ang mahabang yugto ng suliraning kinaharap ng bansa na makaligtaan ang sektor ng agrikultura dahil nakatuon ang pamahalaang kolonyal sa kalakalang galyon at mga sapilitang paggawa katulad ng polo y servicios.<sup>4</sup>

Naging daan ito upang ipadala ang bagong gobernador-heneral na noon ay si Carlos Maria Dela Torre. Ang kakayahan niya bilang lider ang siyang nagbukas ng pinto sa mga Pilipino na magkaroon ng kaisipang **liberalismo**. Panandalian lamang ang pamamahala ni Dela Torre dahil napalitan siya ni Rafael De Izquierdo. Nagkaroon ito ng pagkakataon upang lipunin ang mga kritiko ng pamahalaan at nagbigay ng babala sa sinuman na kumalaban dito. Itinampok dito si Padre Jose Burgos na kung saan siya ang itinuturong pasimuno sa pag-aalsa sa Cavite at sa bahagi ng aklat na ito ipinaliwanag na siya ay inakusahan sa isang paratang na hindi niya ginawa.<sup>5</sup> Ito ay nang ituro siya ang nasa likod ng pagkakalikha ng nobela na pinamagatang *La Lobo Negra* na pag-aalsa laban sa pamahalaan. Pinatunayan na ang kanilang mga lagda ay huwad at walang katotohanan matapos ang masusing pagsusuri ayon sa pag-aaral ng mga kasulatan at lagda ng nasasakdal.

Nagkaroon ng pagkakataon ang mga *ilustrados* o ang mga Pilipino na nasa gitnang uri nang mamayagpag sa larangan ng edukasyon. Sila ang kabilang sa mga uring *principalia* na may kakayahan sa lipunan upang makatanggap ng mataas na kaalaman sa antas ng pag-aaral. Kabilang na rito si Jose Rizal na nakapag-aral sa mga kilalang pamantasan sa loob at labas ng bansa sa aspeto ng **edukasyon**. Naging mabunga rin naman ang naging kontribusyon ng mataas na edukasyon sa pagsulong ng damdaming nasyunalismo na natamo ng mga *ilustrado* sa mga kolehiyo at mga pamantasan. Gayundin naman ang pagbabalik ng mga Heswita sa Pilipinas matapos ang isang siglo

<sup>3</sup> John N. Schumacher, "Rizal in the Context of Nineteenth-Century Philippines," in *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism*, (Quezon City: Ateneo de Manila University, 1991), 26.

<sup>4</sup> Schumacher, "Rizal", 17.

<sup>5</sup> Schumacher, "Rizal", 28-29.

upang magtakda ng panibagong kaalaman hindi lamang patungkol sa pananampalataya. Ito ay nakasentro sa liberalismo, humanistiko at agham. Ang pagkatuto ay hindi lamang matatagpuan sa apat na sulok ng silid-aralan. Maituturing na ang edukasyon ay isang sandata upang makalaya sa siklo ng kamangmangan at pagkabahala.<sup>6</sup>

Ang **dekolonisasyon** ng kasaysayan partikular na sa panahon ng pre-kolonyal ay isa ring sandigan ng mga repormista at rebolusyonaryo na unghatin ang historiograpiya ng Pilipinas. Ang aklat na *Sucesos Las Islas Filipinas* na isinulat ni Antonio de Morga na nabasa ni Dr. Jose Rizal sa *British Museum* sa Inglatera na nagpapatunay na may sarili tayong kabihasan noong pre-kolonyal bago pa man dumating ang mga Kanluranin katulad na lamang ng kalakalan, sistema ng pagsulat, at pagbubuo ng pamayanan.<sup>7</sup>

Sa **panitikan**, ang dalawang nobelang isinulat ni Dr. Jose Rizal – ang *Noli Me Tangere* na tumatalakay sa kanser ng lipunan katulad ng pang-aabuso sa kapangyarihan, diskriminasyon, paggamit ng relihiyon upang pagtakpan ang kabulukan na gawain na ito. Sa *El Filibusterismo* naman ay isinasaad na rebolusyon ang susi upang matapos ang kanser sa lipunan. Ang kasapian ng mason na umusbong noong ika-19 na siglo, sila ang mga Pilipinong naghahangad ng reporma para sa ating bayan na naghahangad ng pagkilala mula sa España. Binubuo ito nina Jose Rizal, Marcelo Del Pilar, Jose Ma. Panganiban at iba pa. Layunin ng kanilang samahan na kilalanin ang kanilang karapatan sa parlamento o Cortes. Ipahayag ang pang-aabuso at malawak na kapangyarihan ng Simbahan sa kapuluan sa pamamagitan ng teokratikong pamamahala.<sup>8</sup>

Nakatawag pansin din ang dalawang salita na tampok sa nasyunalismo – ang pagsusulong ng *independencia* at ng *kalayaan*. Ang *independencia* ay nagsisilbing layunin nila tungo sa kasarinlan at marami itong mukha at pamamaraan ngunit sa kabila ng mga pagsisikap upang matamo ito, tila ito ay pansamantalang naantala at ang *Kalayaan* na ating inaasam na hindi muna naibigay sa pagpasok ng mga Amerikano.<sup>9</sup>

Mula kay Joselito Fornier, ang pag-aaral ni Schumacher sa kasaysayan ng Pilipinas ay nakabatay sa pananaliksik ng primarya at sekundaryang batis.

---

<sup>6</sup> Schumacher, "Rizal", 23.

<sup>7</sup> Schumacher, "Rizal", 20.

<sup>8</sup> John N. Schumacher, "Noli Me Tangere as Catalyst of Revolution," in *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism*, (Quezon City: Ateneo de Manila University, 1991), 93-96.

<sup>9</sup> John N. Schumacher, "Introduction," in *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism*, (Quezon City: Ateneo de Manila University, 1991), 3.



Masusi niya itong sinuri batay sa nilalaman at sa pamamaraan kung paano ito isinulat upang matumbok ang kahalagahan nito sa kasaysayan ng Pilipinas. Inilahad niya ang gampanin ng sosyo-ekonomikong salik sa pagsulong ng nasyonalismo. Nagmula ito sa pagpapahayag ng karapatan na pangasiwaan ang mga paring Pilipino sa isang simbahan hanggang sa ang Kilusang Propaganda ang siyang sumalo sa kanilang adhikain ngunit hindi na ito nauukol sa pamamalakad sa Parokya. Ito ay mas lumawak pa hanggang sa paghingi ng pagkilala at reporma sa Espanya. Ipinaliwanag ng may akda na may mga iba't ibang anyo ng nasyonalismo batay sa kanilang hangarin at interes. Binigyang-diin din dito ang tunggalian sa pagitan ng mga elitista at magbubukid. Ang mga magbubukid ay itinuturing na mga kasama na katuwang ng mga prayle sa paglilingkod sa mga lupain, naging daan ito sa kanilang pag-aalsa dahil sa hindi patas na pagtrato sa kanila kaya naman nakipagtulungan sila sa mga elitista. Matapos ang himagsikan, ang nangyari ay naabuso sila ng mga ito kaya naman nagkaroon sila ng hindi pagkakaunawaan at sila ay pumanig sa panibagong mananakop – ang Imperyalistang Amerikano.<sup>10</sup>

Sa kabuuan, ang *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism*, ay nagpakilala ng limang uri ng mga nasyonalista sa bansa – repormista, modernista, mga liberal, mga tumutuligsa ng mga prayle, at mga nasyonalista. Iba't iba ang naging adhikain at pamamaraan upang iparating ang kanilang hinaing. Sa mga repormista, ninanais lamang nila na magkaroon ng pantay na pagtingin sa atin at pagkilala mula sa España bilang lalawigan nito. Papasok ang konsepto ng progreso dahil sa pagsulong ng mga modernista sa paggamit ng makabagong teknolohiya. Samantala, unti-unting lumalabnaw ang mga makalumang paniniwala na papalitan ng ideyang liberalismo.

Ipinabatid sa aklat na isa sa pinaka-organisadong pag-aaral ng historiograpiyang Pilipino mula sa kolonyal patungo sa nasyonalismong pananaw noong ika-19 na siglo. Mas pinalalim ang pag-aaral na hindi nagtatapos sa pagsasalaysay at mga salik kung bakit ito naganap. Maging ang mabusising pang-unawa ng isang historyador sa paggamit ng empirikal na batayan sa pamamagitan ng mga kasulatan mula sa sinupan. Gumamit din ito ng ibang akdang pangkasaysayan na makatutulong upang suportahan ang mga detalye na nais ipabatid nito sa mambabasa. Ang kasulatan o dokumento

---

<sup>10</sup> Fornier, Joselito N. "The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism." review of *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism* by John N. Schumacher, *The Journal of Asian Studies*, August 1993, 799-800. [www.proquest.com/openview/c4f6026b5de02a6cde808f064650958a/1?cbl&pq-origsite=gscholar](http://www.proquest.com/openview/c4f6026b5de02a6cde808f064650958a/1?cbl&pq-origsite=gscholar).

rin ay nakatutulong kung bakit at paano naisulat ang kasaysayan na katuwang ng mga historyador at mag-aaral. Binigyang-diin dito na ang kasaysayan ay dapat naaayon sa layunin na nais nitong matamo. Mga suliranin mula sa nakaraan na nangangailangan ng kasagutan sa kasalukuyan.

Mailalarawan ang nasyonalismong Pilipino sa dalawang katangian, ang pagkakaroon ng pamana at inspirasyon. Ang mga kaganapan na mga unang nag-aklas sa pamahalaang kolonyal ang siyang motibasyon ng mga nasyonalista na magkaroon ng reporma sa bansa sa ilalim ng pamamahala ng mga mananakop. Naging tala ng nasyonalismo ang kilusang sekularisasyon na hindi lamang tumatalakay sa kakayahan ng mga paring Pilipino na mangasiwa sa kanyang parokyang pinamumunuan kung hindi nagpapamalas na may sapat na kakayahan ng mga Pilipino na mamuno sa kanyang ginagalawang komunidad. Sa kabilang banda ay nagdulot lamang ito ng diskriminasyon na kung saan may pagmamaliit sa naging ambag ng mga paring sekular sa kanilang nasasakupan. Hindi naglaon ay binitay ang paring martir. Indikasyon lamang na hindi handa ang pamahalaang kolonyal na ipagkaloob ang karapatan sa kanilang pamamahala.

Bagamat banyaga, hindi naging balakid kay Fr. Schumacher upang ipagkaloob ang pagiging mamamayang Pilipino. Mas malinaw ang kanyang naging layunin sa pag-aaral ng kasaysayan ng nasyonalismo at himagsikan. Nagdulot ito ng natatanging ambag ng historiograpiyang Pilipino dahil sa pagbibigay ng karagdagang anyo lalo na sa pagpapakilala ng tatlong paring martir, kilusang propaganda, si Jose Rizal, at hanggang sa digmaang Pilipino at Amerikano. Malaking tulong din ang pagiging kabilang niya bilang Heswita sa pagbuo ng kasaysayan. Ito rin ay nagkaroon ng integrasyon tungo sa sekular at humanistikong pag-aaral sa nasyonalismo. \*

## MGA SANGGUNIAN

Abbott SJ, William M. "Demise of F. John N Schumacher." Ateneo De Manila University. Last modified May 15, 2014.  
<http://ateneo.edu/news/demise-fr-john-n-schumacher-sj>.

Churchill, Bernardita R. "The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism." *The Journal of Southeast Asian Studies* 24, no. 4 (September 1993), 447-449.  
[https://www.jstor.org/stable/20071596?seq=2#metadata\\_info\\_tab\\_contents](https://www.jstor.org/stable/20071596?seq=2#metadata_info_tab_contents).

Fornier, Joselito N. "The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism." *The Journal of Asian Studies* 52, no. 3 (August, 1993), 799-800.

[www.proquest.com/openview/c4f6026b5de02a6cde808f064650958a/1?cbl&pq-origsite=gscholar](http://www.proquest.com/openview/c4f6026b5de02a6cde808f064650958a/1?cbl&pq-origsite=gscholar).

Ileto, Reynaldo C., Vicente L. Rafael, Coeli Barry, Francis A. Gealogo, Maricor M. Baytion, and Filomeno V. Aguilar. "Rev. John N. Schumacher SJ, 1927–2014." *Philippine Studies: Historical & Ethnographic Viewpoints* 62, no. 2 (2014): 297–308.

<http://www.jstor.org/stable/24672302>.

Nery, John. "History lessons." *Philippine Daily Inquirer*. Last modified May 14, 2014.

<https://opinion.inquirer.net/74744/history-lessons-2>.

Schumacher, John N. *The Making of a Nation: Essays Nineteenth-Century Filipino Nationalism*. Quezon City: Ateneo De Manila University, 1991.

Schumacher, John N. "Re-Reading Philippine History: Constantino's 'A Past Revisited.'" *Philippine Studies* 23, no. 4 (1975): 465–80.  
<http://www.jstor.org/stable/42634894>.